## SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Anong aral ng pag-asa ang matututunan natin kay Abraham sa Hebreo 11:11?
- Anong mga ginawa ng mga naunang Kristiyano sa Mga Gawa 2:42-47 ang maisasabuhay natin ngayon? Ano ang naging kinalabasan ng pagtitipon-tipon nila? Ano ang pag-uugali nila sa pagpapatuloy ng kaugaliang ito?
- Paano inilarawan si Bernabe sa Mga Gawa 4:36? Si Bernabe ang sumaksi para kay Saulo (Pablo) sa harap ng mga Apostol sa Mga Gawa 9:27. Ano ang ipinapakita nito sa kung ano ang tingin niya kay Pablo? Ano sa palagay mo ang koneksiyon ng paniniwala sa iba at sa pagpapalakas ng loob nila?

## NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Sino ang mababahagian mo ng lakas-loob ngayong linggo? Papaano mo matutulungan ang taong ito na lumakas ang kanyang pananampalataya?
- Ilista ang mga pangalan ng tatlong taong pinaplano mong imbitahin sa pagtitipon-tipon ng inyong grupo sa susunod na linggo.
- Tawagan at palakasin ang loob ng isang tao na nasa isang mahirap na kalagayan ngayon. Ano ang maibabahagi mo sa kanya galing sa Salita ng Diyos?

## PRAYER

- Manalangin na ang mga tao sa inyong grupo ay magpatuloy na magtiwala at umasa na matatanggap nila ang mga kasagutan galing sa Panginoon.
- Hilingin sa Diyos na tulungan ang iyong mga kagrupo ay magpatuloy na pumunta sa inyong regular na pagtitipon at na mas makakahikayat pa kayo ng marami na sumali sa inyong grupo.
- Magdasal na ang bawat isa ay magkaroon ng kaugalian na magpalakas ng loob ng iba sa makaDiyos na paraan.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO




# Palakasin ang Loob ng Bawat isa

Week 2

## NOTES

## CONNECT

- Ipaliwanag ang pag-asa sa iyong sariling salita.
- Sino ang tinuturing mo na masayang kasama? Bakit?
- Sino ang tinuturing mong nagpapalakas ng loob? Anong katangian mayroon ang taong ito na nakapagpaisip sa iyo ng ganito?

**WORD**

**[23]Magpakatatag tayo sa pag-asa natin at huwag tayong mag-alinlangan, dahil tapat ang Diyos na nangako sa atin. [24]At sikapin nating mahikayat ang isa't isa sa pagmamahalan at sa paggawa ng kabutihan. [25]Huwag nating pababayaan ang mga pagtitipon natin gaya ng nakaugalian na ng ilan. Sa halip, palakasin natin ang loob ng bawat isa, lalo na ngayong nalalapit na ang huling araw.**

**Hebreo 10:23-25**

**WHAT** ***What does the Bible say?***

"Huwag kang huminto!" Iyan ang puno't dulo ng Kasulatan sa itaas. At tunay nga na sinasabihan ng may-akda ang mga taga Hebreo noon na huwag humintong isapamuhay ang kanilang pananampalataya. Sa simpleng pagtatiyaga, nalalampasan ng isang mananampalataya ang maraming pagsubok. Kung ano ang katotohanan noon ay totoo pa rin sa atin ngayon. Heto ang iilang mga paraan upang matulungan tayong magpatuloy at magtagumpay sa lakbay ng pananampalataya.

- **Alalayan ang pag-asa.**

  *Magpakatatag tayo sa pag-asa natin at huwag tayong mag-alinlangan, dahil tapat ang Diyos na nangako sa atin.*

  Hebreo 10:23

  Hinihikayat ng nagsulat ng Hebreo ang mga nagbabasa na manatili sa daang patungo sa pinakadulong pag-asa kay Kristo. Sinabi niya ito kahit na alam niyang ang mga tao ay humaharap sa matinding pagsubok—alam niya sigurong ito ang pinakakailangan. Anong mangyayari kung iniwanan ng isa ang pananampalataya sa Diyos at hinarap niyang mag-isa ang mga pagsubok?

- **Patuloy na magtipon-tipon.**

  *Huwag nating pababayaan ang mga pagtitipon natin gaya ng nakaugalian na ng ilan. . . .*

  Hebreo 10:25

  Hindi magandang palagay ang ihiwalay ang sarili sa komunidad ng pananampalataya. Madalas itong nagsisimula sa pag-ayaw na makipagtipon-tipon sa ibang mga mananampalataya at ang may-akda ng Hebreo ay hinihikayat ang mga tagasunod ng Diyos na labanan ang tukso na huwag magtipon-tipon. Bakit mahalaga ang komunidad sa anyo ngayon ng ating mga lingguhang pagsamba at mga maliliit na grupo (Mga Gawa 2:45-47, Salmo 133:1-3)?

- **Patuloy na palakasin ang loob ng kapwa.**

  *. . . Sa halip, palakasin natin ang loob ng bawat isa, lalo na ngayong nalalapit na ang huling araw.*

  Hebreo 10:25

  Kailangan ng mga tao ang pagpapalakas-loob. Sa mga araw ngayon, ang mga tao ay nagbabasa ng *self-help books* o nakikinig sa *inspirational talks* upang makakuha nito. Alam ng Diyos ang pangangailangan nating ito at pinaglaanan tayo ng mga paraan upang makakuha ng lakas-loob—sa pagbabasa at pakikinig ng Kanyang Salita at sa pamamagitan ng Kanyang simbahan. Sa anong mga praktikal na paraan mapapalakas ng mga mananampalataya ang loob ng bawat isa?